7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Linggo 1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 1: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Jean L. Danga, Ederlina D. Baleña |
| **Content Reviewer:** | Ricardo P. Makabenta |
| **External Content Validator:** | Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion |
| **External Language Validator:** | |
| **Illustrator:** | Romdel F. Partoza, Nathaniel DC. Del Mundo |
| **Layout Artist:** | Allan E. Medenilla, Albert James Macaraeg |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | **Grade 7** |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | **Araling Panlipunan** |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | **Una** |

| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakabubuo ng proyektong nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang mahalagang ginampanan ng katangiang pisikal ng Pilipinas at ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang lokasyon ng Timog Silangang Asya | Nailalarawan ang Pisikal na katangian ng Rehiyon (mainland at insular) | Nasusuri ang epekto ng Katangiang Pisikal ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga tao. | Nabibigyang halaga ang paglinang sa likas na yaman ng Timog Silangang Asya at Likas-kayang Pag-unlad |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Lokasyon ng Timog Silangang Asya | Pisikal na Katangian ng Timog Silangang Asya | Epekto ng Katangiang Pisikal ng Timog Silangang Asya sa Pamumuhay ng mga Tao | Ang Likas na Yaman ng Timog Silangang Asya at Likas-kayang Pag-unlad |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian*<br><br>(Mungkahi sa guro: Maaaring gumamit ng mga bagong batis *(sources)* na may kaugnayan sa paksa. | Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan p.29 Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon | Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan p.29 Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon | Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul para sa mag-aaral) p. 46-49<br><br>Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan p. 46-54 | Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul para sa mag-aaral) p. 36-43<br><br>Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan p. 40 - 41 |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Sangguniang Aklat, Powerpoint Presentation, larawan, loop a-word, at iba | Mga larawan para sa gallery walk, graphic organizer | Graphic Organizer | Retrieval Chart |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

## IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

### Bago Ituro ang Aralin

*Panimulang Gawain*

**Gawain 1 KWL (AGN)**

**Ilahad:**
Gamit ang KWL o AGN tsart. Ilagay sa hanay ang mga impormasyong **Alam na**. Isulat sa hanay ng **Gustong Malaman** ang nais pang matutuhan, at sa hanay naman ng **Natutuhan** ang mga bagay na natutuhan sa aralin. Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno.


| | Alam | Gustong malaman | Natutuhan |
|---|---|---|---|
| Mga Ko ntinente | | | |
| Mga Rehiyon sa Asya | | | |
| Lokasyon ng Timog Silangang Asya | | | |

**Gawain 1: Guess the Picture**

Pagpapakita ng iba't ibang larawan na may kaugnayan sa paksa. Itanong sa mga mag-aaral kung alam nila o pamilyar sila sa mga larawan.



Rice Terraces




Pacific Ring of Fire

**Gawain: Suri-Larawan**

Pagpapakita ng iba't ibang larawan. Pagkatapos ay tanungin ang mag-aaral kung ano ang ipinapahiwatig ng mga larawan. Ano ang mabubuong hinuha mula sa mga ito?








**Gawain 1 - Retrieval Chart**

Bumuo ng Retrieval Chart tungkol sa mga pangunahing likas na yaman sa rehiyon.

| Bans a | Yaman g Lupa | Yaman g Tubig | Yaman g Minera l |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br>Mt. Kinabalu – Highest Mountain in SEA<br><br>Beach – maraming magagandang dalampasigan sa Timog Silangang Asya<br><br>Mayon Volcano | <br> | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Mula sa mga nailagay na impormasyon sa KWL o AGN tsart, ipabahagi ang kaalaman tungkol sa lokasyon ng Timog Silangang Asya. | Tanungin ang mga mag-aaral:<br>1. Batay sa mga larawan sa itaas, ano ang masasabi mo tungkol | **Itanong:**<br><br>Nakikita rin ba sa Pilipinas ang mga larawang nakita sa itaas? | **Itanong:**<br><br>Naniniwala ka ba ang ang tao ay biniyayaan ng |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Ilahad:**<br>Sa araw na ito ay malalaman natin kung tama ang inyong mga kasagutan sapagkat tatalakayin natin ang Lokasyon ng Timog Silangang Asya. | sa Timog Silangang Asya?<br>2. Bukod sa mga larawang ibinahagi at Nakita, ano pa ang alam mo tungkol sa katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya? | Ganito rin ba ang sitwasyon sa ating bansa?<br><br>Bakit kaya?<br><br>**Itanong:**<br>Batay sa larawang napili, ipaliwanag kung bakit ganito ang pamumuhay sa bansa kung saan mula ang larawan.<br><br>Ito ba ay nagdudulot ng mabuti o hindi mabuting epekto sa bansa?  Bakit?<br><br>Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa iyong komunidad o sa bansa? | masaganang kapaligiran?<br><br>**Ilahad:**<br>Ang mga likas na yaman tulad ng kabundukan, dagat, hayop, halaman, at mineral ay siyang puhunang nililinang ng tao upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Mula pa noon hanggang sa kasalukuyan, ang uri ng pamumuhay at gawain ng tao ay nakaangkop sa kaniyang kapaligiran. Pagsasaka ang karaniwang hanapbuhay ng taong naninirahan sa kapatagan at pangingisda naman ang ikinabubuhay kung nakatira sa baybayin. Tunay nga na ang ganitong ugnayan ng tao at kapaligiran ay isang natural na prosesong ipinagkaloob ng kalikasan upang ang lahat ay mabuhay.<br><br>Ngayong araw, ay tatalakayin natin ang mga Likas na Yaman sa Timog Silangang Asya. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</td>
<td>Gawain 2: Loop a Word<br><br>Sabihin:<br>Mula sa loob ng kahon, hanapin ang salitang tinutukoy sa bawat bilang sa anumang direksyon.<br><br>
<table>
<tr><td>B</td><td>E</td><td>C</td><td>G</td><td>E</td><td>H</td><td>I</td><td>G</td><td>A</td><td>A</td><td>T</td></tr>
<tr><td>M</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td><td>E</td><td>X</td><td>J</td><td>Y</td><td>S</td><td>G</td><td>T</td></tr>
<tr><td>K</td><td>C</td><td>T</td><td>V</td><td>W</td><td>W</td><td>S</td><td>Y</td><td>F</td><td>R</td><td>P</td></tr>
<tr><td>X</td><td>N</td><td>A</td><td>N</td><td>S</td><td>A</td><td>H</td><td>I</td><td>B</td><td>A</td><td>K</td></tr>
<tr><td>K</td><td>O</td><td>N</td><td>T</td><td>I</td><td>N</td><td>E</td><td>N</td><td>T</td><td>E</td><td>J</td></tr>
<tr><td>A</td><td>E</td><td>R</td><td>I</td><td>F</td><td>F</td><td>O</td><td>G</td><td>N</td><td>I</td><td>R</td></tr>
<tr><td>R</td><td>H</td><td>E</td><td>O</td><td>G</td><td>R</td><td>A</td><td>P</td><td>I</td><td>Y</td><td>A</td></tr>
<tr><td>S</td><td>X</td><td>Y</td><td>T</td><td>Y</td><td>M</td><td>E</td><td>W</td><td>U</td><td>I</td><td>A</td></tr>
</table>
<br>1. Tumutukoy sa pag- aaral ng katangiang pisikal ng daigdig<br>2. Malaking masa ng lupain ng mundo<br>3. Pinakamalaking kontinente batay sa sukat at populasyon<br>4. Tumutukoy sa yugto ng kaunlaran ng isang Lipunan<br>5. Ito ay patag na modelo ng mundo.</td>
<td>Gawain 2: Sasabihin ko, Hulaan mo!<br><br>1. Magbigay ng halimbawa ng anyong lupa.<br>2. Ito ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas<br>3. Magbigay ng halimbawa ng karagatan.<br>4. Ito ang pinakamalaking kapuluan<br>5. Ang Bali na kilalang pasyalan ay matatagpuan sa _______.</td>
<td>Gawain 2: Talasalitaan<br><br>Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita:<br><br>1. Industriyalisasyon<br>2. Pagmamanupaktura<br>3. Agrikultura<br>4. Pangingisda<br>5. Pagsasaka<br>6. Turismo</td>
<td>Gawain 2: Talasalitaan<br><br>Piliin sa loob ng kahon ang salitang inilalarawan sa bawat bilang.<br><br>
<table>
<tr><td>tamaraw karakul<br>likas na yaman<br>oasis mayapis<br>trigo silkworm</td></tr>
</table>
<br>1. Ito ay sang cocoon o supot-uod na pinagmumulan ng hiblang sutla.<br>2. Ito ay isang uri ng punong-kahoy.<br>3. Ito ay isang pagkain o halamang butil na kagaya ng palay, madalas pagkain sa agahan.<br>4. Ito aykatutubong hayop na kawangis ng kalabaw.<br>5. Tumutukoy sa mga kagubatan, mineral, lupang taniman, katubigan.</td>
</tr>
</table>




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Magkaroon muna ng maikling pagtalakay ukol sa heograpiya-kahulugan at kahalagahan nito.<br>Pagbasa ng Teksto<br><br>Ipabasa ang Lokasyon ng Timog Silangang Asya<br><br>Magkaroon ng talakayan sa binasang teksto:<br><br>Talakayin ang sumusunod:<br><br>1. Mga kontinente sa mundo, na may pokus sa Asya bilang pinakamalaking kontinente<br>2. Mga Rehiyon sa Asya at ang mga bans ana matatagpuan dito.<br>3. Lokasyon ng Timog Silangang Asya | **Pagbasa ng Teksto**<br><br>Ipabasa ang Katangiang Pisikal ng Timog Silangang Asya<br><br>ASYA: Pag-usbong ng Kabihasnan p.29<br><br>**Pangkatang Gawain**<br><br>Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng paglalarawan sa katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya.<br><br>Pangkat 1 – Anyong Lupa<br>Pangkat 2 – Anyong Tubig<br>Pangkat 3 - Klima<br>Pangkat 4 - Magagandang Tanawin<br>Pangkat 5 - Yamang Likas | **Pagbasa ng Teksto**<br><br>Magkaroon ng talakayan sa binasang teksto.<br><br>Ipabasa ang ukol sa Implikasyon o Epekto ng Katangiang Pisikal ng Timog Silangag Asya sa Pamumuhay ng mga tao.<br><br>Magkaroon ng talakayan ukol sa binasang teksto. | **Pagbasa ng Teksto**<br><br>Likas na Yaman sa Timog Silangang Asya<br><br>ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pakakaiba (Modyul para sa mag-aaral p. 36-43<br>Magkaroon ng talakayan sa binasang teksto |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | **Gawain 3: Hanapin sa Mapa**<br><br>Gamit ang mapa, ipahanap<br>at ipatukoy sa mag-aaral ang lokasyon ng sumusunod:"<br>1. 7 Kontinente<br>2. Mga Rehiyon sa Asya | **Gawain 3 - Gallery Walk**<br><br>Ipasuri sa mag-aaral ang mga nakadikit na larawan ng katangi- tanging lugar sa Timog Silangang Asya. Ipasulat ang sagot sa task card at idikit ito sa larawan. | **Gawain 3 – Epekto ng Katangiang Pisikal**<br><br>Gamit ang graphic organizer, tukuyin ang epekto ng katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga tao. | **Gawain 4 - Current Events Analysis**<br><br>Magpasaliksik ng napapanahon na balita o artikulo na nagpapakita ng paraan ng paggamit ng likas na yaman ng bansa. Suriin |






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Mga Bansa sa Timog Silangan Asya<br><br>**Gawain 4: Guess the Country or Place**<br><br>Tukuyin ang bansa o lugar na inilalarawan. Gamitin ang inyong mapa upang matukoy ang sagot.<br><br>1. Napaliligiran ako ng Malaysia sa gawing kanluran at timog, Papua New Guinea at Timor Leste sa gawing Silangan. (Indonesia)<br>2. Ang bansang ito ay napaliligiran ng Taiwan sa Hilaga, Japan sa hilagang-silangan, Indonesia sa Timog, Vietnam sa Kanluran, at Malaysia sa timog-kanluran. (Pilipinas)<br>3. Sa hilaga ko ay matatagpuan ang China, sa kanlurang bahagi naman ay ang Laos at Cambodia (Vietnam)<br>4. Matatagpuan ang Singapore sa timog na bahagi nito, Vietnam sa Hilaga, Borneo sa Silangan, Pilipinas sa hilagang-silangan, at | **Mga larawan ng:**<br>(please see worksheets for the pictures)<br><br>Merlion<br>Singapore<br>Templo ng Borubodur<br>Angkor Wat<br>Cambodia<br>Ayutthaya, the second capital of old Siam<br>Petronas Twin Tower<br><br>**Gawain 4 - Let's Google Map**<br><br>Ipahanap sa mag-aaral ang mga lugar at katangiang pisikal nito gamit ang Google World.<br><br>**Gawain 5 - Venn Diagram**<br>Isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Mainland Timog Silangang Asya at Insular Timog Silangang Asya. Gamit ang Venn Diagram<br><br>Pagkakatulad<br>Pagkakaiba | <br><br><br>Epekto ng Anyong Lupa at Anyong Tubig<br><br>**Gawain 4 – Mabuti at Hindi Mabuti**<br>Magtala ng Mabubuti at di- mabubuting epekto ng katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya sa Pamumuhay ng mga Tao. | kung ito ay tumutugon sa likas kayang pag-unlad.<br><br>**Gawain 5 - Debate Katuwiran Mo, Ipaglaban Mo!**<br><br>Itanong sa mga bata: Sang-ayon ka ba na naging matagumpay ang mga proyektong ipinatutupad ng gobyerno upang mapangalagaan ang likas na yaman ng bansa at maisulong ang likas kayang pag-unlad? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Indonesia sa Timog. (Malaysia)<br>5. Napaliligiran ito ng Myanmar sa Hilagang Kanluran, Laos at Malaysia sa Timog. (Thailand)<br><br>**Gawain 5: Listahan ng Kahalagahan**<br><br>Panuto:<br><br>1. Maglagay ng larawan ng Timog Silangan Asya sa malaking bilog.<br>2. Sa mga maliliit na bilog ay isa- isahin ang epekto o kahalagahan ng lokasyon ng Timog Silangang Asya.<br><br>Talakayin ang mga naging sagot ng mga mag-aaral at gawan ng konklusyon o buod. |  |  | |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | **Gawain 6: Travel Blog/Vlog**<br><br>Gumawa ng isang Travel Blog or Vlog tungkol sa bansang gusto mong puntahan at kung bakit mo itong gustong pasyalan. Tukuyin din sa vlog/blog ang lugar na pinili mo. | **Gawain 6 - Debate**<br><br>Magbigay ng isang isyung kontrobersyal tungkol sa katangiang pisikal ng Timog Silangan Asya. Gumamit ng discussion web at pagdebatehan ang isyu na naibigay. | **Gawain 5 – Editorial Cartoon**<br><br>Lumikha ng editorial cartoon na naglalarawan sa epekto ng katangiang pisikal ng timog silangang asya sa pamumuhay ng tao. | **Gawain 6 - Suri Larawan**<br><br>Ipasuri ang mga larawan na nagpapakita ng ugnayan ng tao at ng kalikasan sa pahina 39 ng Asya:<br>Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Araling Panlipunan Modyul para sa Mag- aaral)<br><br>**Itanong:**<br><br>1. Ano-anong uri ng likas na yaman ang nakikita mo sa larawan? Sa paanong paraan ito nililinang ng mga tao?<br><br>2. Mayroon bang mabuti at hindi mabuting naidudulot ang paglinang sa kalikasan?<br><br>3. Bilang isang mamamayang Pilipino, paano ka makatutulong upang mapaunlad pa ang mga likas na yaman?<br><br>4. Paano ka makatutulong sa likas kayang pagunlad? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><th colspan="5">Pagkatapos Ituro ang Aralin</th></tr>
<tr>
<td>Paglalapat at Paglalahat</td>
<td>Gawain 7: KWL/AGN<br><br>Balikan ang KWL/AGN. Suriin ang nilalaman nito.<br><br>1. Tama ba ang iyong mga kaalaman ukol sa paksa?<br>2. Nakuha mo ba ang mga nais mong matutuhan?<br>3. Ano ang iba mo pang mga natutuhan ukol sa paksa?</td>
<td>Gawain 7 - Freedom Wall<br><br>Isulat sa task card ang mga natutuhan sa paglalarawan ng pisikal na katangian ng rehiyon (mainland at insular).<br><br>Itanong:<br><br>1. Ano ang mga nabuong kaisipan mula sa graphic organizer?<br>2. Ano-ano ang naging batayan sa nabuong kaisipan?</td>
<td>Gawain 6 - Sanaysay<br><br>Sumulat ng maikling sanaysay ukol oportunidad at hamon na dala sa atin ng katangiang pisikal ng Timog Silangan Asya.<br><br></td>
<td>Gawain 7- Synthesis Journal<br><br>Itanong:<br>Ano ang iyong mga ginawa at natutuhan? Paano mo ito maisasabuhay sa araw-araw?<br><br>
<table>
<tr><th>Ginawa</th><th>Mga Natutuhan</th><th>Paano maisasabuhay?</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>Itanong:<br><br>Sa nabuong kaisipan mula sa synthesis journal, ano-ano ang naging batayan upang humantong sa ganitong kaisipan?</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto: Piliin ang letra ng wastong sagot.<br><br>1. Ito ang pinakamalaking kontinente sa buong mundo.<br>a. Africa | Panuto: Basahin ang sumusunod na impormasyon na naglalarawan sa lokasyon at katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya. sulat ang sagot sa sagutang papel. | Panuto: Piliin ang letra ng wastong sagot.<br><br>1. Alin sa katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya ang nakatutulong sa pagkakaroon nito ng | Panuto: Suriin ang sumusunod na katunungan sa ibaba. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | b. America<br>c. Antarktika<br>d. Asya<br><br>2. Ang rehiyong ito sa Asya ay nahahati sa mainlad at insular.<br>a. Kanlurang Asya<br>b. Silangang Asya<br>c. Timog Asya<br>d. Timog Silangan Asya<br><br>3. Ang sumusunod na bansa ay kabilang sa Mainland o Kalupaang Timog Silangang Asya, maliban sa ________.<br>a. Cambodia<br>b. Indonesia<br>c. Thailand<br>d. Vietnam<br><br>4. Ang sumusunod na bansa ay kabilang sa Insular o Kapuluang Timog Silangang Asya, maliban sa ________.<br>a. Laos<br>b. Pilipinas<br>c. Singapore<br>d. Timor Leste<br><br>5. Ang karaniwang klima sa mga bansa sa Timog Silangang Asya ay dahil sa impluwensiya ng lokasyon nito. | 1. Ito ay isang malawak na sona kung saan madalas nagaganap ang paggalaw ng lupa at pagputok ng mga bulkan. Maraming bulkan ang lugar na ito at maaaring magdulot ng paglindol bunga ng kanilang pagsabog.<br>A. Mainland Timog Silangang Asya<br>B. Insular Timog Silangang Asya<br>C. Ring of Fire<br>D. Continental Shelf<br><br>2. Binubuo ito ng mga kapuluang nakakalat sa karagatan. Kabilang dito ang mga isla ng Pilipinas, Indonesia, at East Timor.<br>A. Mainland Timog Silangang Asya<br>B. Insular Timog Silangang Asya<br>C. Ring of Fire<br>D. Continental Shelf<br><br>3. Tumutukoy sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig.<br>A. Ring of Fire<br>B. Heograpiya<br>C. Kabihasnan<br>D. Kasaysayan | mayaman at katangi-tanging natural na kalikasan (biodiversity)?<br>A. Siksik na kagubatan<br>B. Malawak na kagubatan<br>C. Tundra<br>D. grassland<br><br>2. Paano nakaaapekto ang kabundukan matatagpuan sa rehiyon?<br>A. Nagbibigay ito ng matabang lupa para sa pagsasaka<br>B. Lumilikha ito ng pananggalang upang mahiwalay ang rehiyon sa iba pang rehiyon<br>C. Nagiging sanhi ito ng lindol at paggalaw ng bulkan<br>D. Nagsisilbi itong pananggalang sa pag- ulan sa mababang lugar<br><br>3. Ano ang epektong dulot ng mga ilog sa Timog silangang asya sa mga taong naninirahan dito?<br>A. Nagbibigay ito ng saganang pinagkukunan ng tubig tabang para | 1. Ano ang pangunahing layunin ng paglilinang ng likas na yaman?<br>a. Pagpapalaganap ng pag-aaksaya ng yaman<br>b. Pangangalaga sa kalikasan<br>c. Paggamit ng lahat ng likas na yaman<br>d. Pagsasagawa ng mas maraming industriyal na proyekto<br><br>2. Ano ang potensyal na benepisyo ng wastong pangangalaga sa likas na yaman?<br>a. Mas mabilis na pag- sasamantala ng yaman<br>b. Pangmatagalang kalusugan ng tao<br>c. Pag-unlad ng mga urbanisadong lugar<br>d. Paglaki ng kita sa maikli't malawakang panahon<br>3. Paano nakatutulong ang pagpapahalaga sa biodiversity sa kalikasan?<br>a. Nagdudulot ng pagkaubos ng mga species |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | a. Arid<br>b. Humid Sub-Tropical<br>c. Temperate<br>d. Tropical<br><br>Sagot:<br>1. D<br>2. D<br>3. B<br>4. A<br>5. D | 4. Ang Insular Timog Silangang Asya ay binubuo ng mga kapuluang nagkalat sa karagatan. Kabilang dito ang mga isla ng<br><br>A. Amerika, Japan China<br>B. China, Pilipinas, Indonesia<br>C. Pilipinas, Indonesia, at East Timor<br>D. Cambodia, Laos, at Thailand<br><br>5. Ang ________ ay isang tangway na nasa pagitan ng South China Sea at Indian Ocean.<br>A. mainland Southeast Asia<br>B. insular Southeast Asia<br>C. Ring of Fire<br>D. Saudi Arabia | sa inumin at irigasyon<br>B. Nagsisilbi itong natural na panghadlang upang hindi makapasok ang mga dayuhan<br>C. Nagiging daan ito sa masiglang kalakalan at maayos na paglalakbay<br>D. Nagdudulot ito ng madalas na pagbaha, kung saan marami ang nawawalan ng tirahan<br><br>4. Paano nakaaapekto ang klima sa gawaing agrikultural sa rehiyon?<br>A. Nagbibigay daan ito sa taunang pagsasaka at masaganang ani<br>B. Nalilimitahan nito ang ibat ibang gawaing pagsasaka<br>C. Humahadlang ito sa paglago ng mga halaman dahil sa matinding pagpapalit ng klima<br>D. Nagdudulot ito ng mahabang panahon ng | b. Nagpapalaganap ng pagkasira ng ekosistema<br>c. Nagpapanatili ng balanseng ekosistema<br>d. Nag- aambag sa pag-unlad ng malalaking industriya<br>4. Bilang isang mag-aaral o mamamayang Pilipino, paano ka makatutulong sa kampanya sa pangangalaga ng likas na yaman?<br>a. Paggamit ng resources nang walang pagsasaalang-alang sa kalikasan<br>b. Pagpapalaganap ng maling paggamit ng mga yaman<br>c. Pagpapahalaga at pag-unawa sa kalikasan<br>d. Paggamit ng mga yaman nang walang pag-iisip sa mga epekto nito<br><br>5. Kung maging aktibo ang pakikilahok ng lokal na komunidad sa pangangalaga sa kalikasan, ano ang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | tagtuyot na nakaaapekto sa pagsasaka<br><br>5. Ano ang mahalagang yaman ang matatagpuan sa mga baybaying (coastal) ng Timog Silangang Asya?<br>A. Mina ng diyamante<br>B. Natural na reserba ng langis<br>C. Deposito ng ginto<br>D. Mina ng langis<br><br>Mga Sagot:<br>1. A<br>2. A<br>3. A<br>4. A<br>5. B | maaaring maging bunga nito?<br>a. Mabawasan ang kagustuhan ng komunidad sa paglago ng industriya<br>b. Pag-aaksaya ng mga likas na yaman<br>c. Pagtangkilik at pagpapahalaga sa kalikasan<br>d. Pagbaba ng kalidad ng buhay sa komunidad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat) | **Saliksikin**<br><br>Magsaliksik ng napapanahong isyu na may kaugnayan sa lokasyon ng Pilipinas bilang bahagi ng Timog Silangan Asya.<br><br>Gumawa ng maikling sanaysay ukol dito. | **Picture Perfect/Take a Selfie**<br><br>Magpaguhit o magpakuha ng larawan ng isang lugar na maipagmamalaki dahil sa angking kagandahan nito. Ipaliwanag ang larawang iginuhit/kuhang larawan. | **News Clip**<br><br>Mangalap ng News Clip na may kaugnayan sa paksang tinalakay. ibuod at magbigay ng reaksiyon ukol dito. | **Multimedia Campaign**<br><br>Magpabuo ng isang multimedia campaign tungkol sa ugnayan ng tao at likas na yaman ng Timog Silangang Asya tungo sa pangangalaga at wastong paggamit nito, gayundin ang pagtataguyod ng likas kayang pag-unlad. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph